



Sa Kabila Ng Tabing Ng Panahon

William Marrion Branham

Sa Kabila Ng Tabing Ng Panahon

Noong isang umaga nakahiga ako sa aking kama. At ako noon ay . . . nakatulog, at napanaginipan ko na may sakit si Joseph, at pinangko ko siya upang maipanalangin siya. At nung magising ako, nabagabag talaga ako. Sabi ko, “Buweno, baka magkakasakit nga si Joseph.”

At tumingin ako, nagaganap sa harapan ko, sa isang maliit, na madilim na anino, medyo mas parang malakayumangging kulay. At para bang ako iyon. At pinanood ko iyon. At paparating sa likuran niyon ang Isa na nakaputi, at Siya iyon. Tumingin ako doon sa asawa ko, para makita kung gising ba siya, nang sa gayon ay maipakita ko sa kanya, makita niya ang pangitain. Pero natutulog siya.

Sabi ko, “Oh, patawarin Mo po ako, Panginoon. Subalit, ganyan nga ang buhay ko. Kinailangan Mo pa akong itulak sa lahat ng mga nagawa ko. Sa tuwing may bagay na magaganap, iniisip kong Ikaw ang gumagawa niyon. At mapagtatanto ko na si Satanas pala iyon na pinipilit akong ilayo rito.” Sabi ko, “Kung mapangungunahan Mo lamang po ako.” At nang tumingin ako, nakita ko ang pinakamagandang mukha na noon ko lang nakita sa isang lalaki. Nasa harapan ko Siya, na noo’y nakalington. Itinaas Niya ang Kanyang kamay at hinawakan ang kamay ko, at nagsimulang kumilos sa gawing *ito*. Umalis na sa akin ang pangitain. Noong nakaraang Linggo ng umaga, ako ay, nagising nang maaga. Iyon ay noong Sabado, itong pangitain. Sa . . .

Palaging nababagabag, noon ko pa laging naiisip ang tungkol sa pagpanaw. Ito, ako na singkuwenta na, ito’y, ang oras ko ay hindi . . . hindi na inisip na magtatagal pa. At naisip ko kung magiging ano kaya ako doon sa theophany, sa katawang celestial. “Magiging ganoon kaya na makikita ko ang mga mahal kong kaibigan at, halimbawa, isang maliit na

puting ulap na nagdadaan, at sasabihin, ‘Hayun si Kapatid na Neville,’ o, hindi niya masasabing, ‘Kumusta, Kapatid na Branham?’ At kapag dumating na si Jesus, noon pa lang ako magiging taong muli.” Noon ko pa madalas na maisip iyan.

Noo’y nananaginip ako na naroon daw ako sa Kanluran. At binabagtas ko ang isang munting lugar na matalahib, at kasama ko ang aking maybahay, at bago pa’y namimingwit na kami noon ng isdang trout. At huminto ako at—at binuksan ang tarangkahan. At napakaganda ng kalangitan. Ang mga iyon ay hindi katulad noong nasa dakong ito ng lambak. Bughaw ang mga iyon, at ang naggagandahang mga puting ulap. At sabi ko sa maybahay, sabi ko, “Dumito na sana tayo, noon pa, honey.” Sabi niya, “Alang-alang sa mga bata, dapat nga sana, Billy.” Sabi ko, “Iya’y. . .” At nagising na ako.

Naisip ko, “Napakadalas ko namang managinip! Bakit kaya?” At tumingin ako sa ibaba, at nakahiga siya sa tabi ko.

At umusog ako pataas sa unan ko, gaya ng ginagawa ng marami sa inyo, ipinatong ang ulo ko sa—sa ulunan ng kama, at inilagay ang mga kamay ko sa likod ng ulo ko. At nakahiga ako doon nang *paganito*. At sabi ko, “Buweno, nagtataka lang ako kung magiging ano kaya, sa kabilang ibayo. Singkuwenta na ako, at ni wala pa akong nagagawa. Kung may magagawa lang sana ako para makatulong sa Panginoon, dahil alam kong hindi ako mananatiling buhay pa rin. Nakalipas na ang kalahati ng panahon ko, kahit papaano, o higit pa sa kalahati. Kung mabubuhay ako na kasing tanda ng mga kamag-anak ko, lipas na rin ang kalahati ng panahon ko.” At nagpalinga-linga ako. At nakahiga ako noon doon, naghahanda nang bumangon. Mga bandang alas-siyete iyon. Sabi ko, “Siguro pupunta na lang ako sa bahay-sambahan, ngayong umaga. Kung paos man ako, gusto kong makinig kay Kapatid na Neville na mangaral.”

Kaya sabi ko, “Gising ka na ba, honey?” At napakahimbing pa ng pagkakatulog niya.

At ayokong mapalampas ninyo ito. Binago ako nito. Hindi na ako magiging ang dating Kapatid na Branham na ako noon.

At tumingin ako. At May narinig ako, na paulit-ulit na nagsasabi, “Nagsisimula ka pa lamang. Ipagpatuloy mo ang laban. Magpatuloy ka lamang.”

Ipinilig ko sandali ang ulo ko. Naisip ko, “Buweno, nag-iisip lang marahil ako nang ganito.” Alam n’yo na, maaaring magkaroon ang tao ng kung anong mga guniguni. At sabi ko, “Marahil ay naguguniguni ko lamang iyon.”

Sabi Nito, “Ipagpatuloy mo ang laban. Magpatuloy ka. Magpatuloy ka.”

Sabi ko, “Nasabi ko siguro iyon.” At kinagat ko ang mga labi ko, at itinakip ang kamay ko sa bibig ko.

At heto na naman Ito, sabi, “Basta magpatuloy ka lamang. Kung alam mo lang kung ano ang nasa dulo ng daan!”

At para bang naririnig ko pa si Graham Snelling, o kung sino, na umaawit ng awit na iyon na tulad nito. Inaawit nila iyon dito, ni Anna Mae at ng lahat kayong lahat.

Ako’y nangungulila at nalulumbay, at ibig kong makita si Jesus.

Nais kong marinig yaong matitimyas na pagtunog ng mga kampana sa pampang.

Pagliliwanagin niyon ang aking landas at hahawiin ang lahat ng pangamba.

Panginoon, pahintulutan Mo akong makatingin nang lampas sa tabing ng panahon.

Narinig n’yo nang inawit iyon dito sa bahay-sambahan.

At May narinig akong nagsasabi, “Gusto mo bang makita ang nasa kabila lamang ng tabing?”

Sabi ko, “Labis-labis ang maitutulong nito sa akin.”

At tumingin ako. Sa isang iglap lang, ako...Sa isang hininga’y napunta ako sa isang munting dako na nakapahilis. Lumington ako, at naroon naman ako, na nakahiga sa kama. At nasabi ko, “Isang kakatwang bagay ito.”

Ngayon, hindi ko gustong ulitin ninyo ito. Ito’y sa harap ng iglesya ko, o ng mga tupa kong pinapastulan ko. Kung iyon man, na ako’y nasa katawang ito o wala, kung iyon man ay isang paglilipat, hindi iyon katulad ng anumang pangitaing kailanma’y nagkaroon ako. Magagawa kong tumingin Doon, at magagawa kong tumingin dito.

At nang sapitin ko ang munting Dakong iyon, hindi pa ako nakakita ng ganoon karaming mga taong nagtatakbuhang papalapit, nagsisipaghiyawan, “Oh, mahal naming kapatid!”

At tumingin ako. At mga kabataang babae, marahil ay nasa kasibulan sila ng edad na beinte, disiotso hanggang beinte, iniyayapos nila sa akin ang kanilang mga bisig, at humihyaw, “Mahal naming kapatid!”

Naritong paparating ang mga kabataang lalaki, sa kaningningan ng kabinataan. At ang kanilang mga mata’y nagsisipagkislapang at para bang mga bituin sa isang gabing nagdilim. Kasing puti ng perlas ang kanilang mga ngipin. At nagsisipaghiyawan sila, at nagsisipagsungaban sa akin, at nagsisipaghiyawan, “Oh, mahal naming kapatid!”

At huminto ako, at tumingin ako. At bumata ako. Lumingon ako sa aking matandang katawang nakahiga doon, na ang mga kamay ko’y nasa likod ng aking ulo. At sabi ko, “Hindi ko ito maunawaan.”

At ito namang mga kabataang babae na iniyayapos ang kanilang mga bisig sa akin. Ngayon, napagtatanto kong magkahalo itong mga tagapakinig, at sinasabi ko ito na may pagkamagiliw at may kahinahunan ng Espiritu. Hindi magagawa ng mga lalaki na iyapos ang inyong mga bisig sa mga babae nang walang sensasyon ng tao; subalit wala iyon Doon. Walang kahapon ni bukas. Hindi sila napapagod. Sila ay . . .Hindi pa ako nakakita ng ganoon kagagandang mga kababaihan sa buong buhay ko. Mayroon silang buhok na hanggang sa kanilang baywang; mahahabang palda na hanggang sa kanilang mga paa. At basta na lamang nila akong

niyayakap. Hindi nga iyon yakap na gaya ng maging sa sarili kong kapatid na babae, na nakaupo diyan, na yayakapin ako. Hindi nila ako hinahalikan, at hindi ko sila hinahalikan. Iyon ay isang bagay na ako—wala akong mahagilap na—na bokabularyo, wala akong mahagilap na mga salita para masabi. Hindi iyon mailalarawan ng “kasakdalan.” Ni hindi iyon mailalarawan ng “napakarilag,” hindi talaga. Iyon ay isang bagay na ni hindi ko. . . Kinakailangang makarating muna kayo Doon.

At tumingin ako sa gawing *ito*, at sa gawing *iyon*. At papalapit sila, nang libo-libo. At sabi ko, “Hindi ko ito maunawaan.” Sabi ko, “Buweno, sila. . .”

At papalapit itong si Hope. Iyon ang una kong asawa. Tumakbo siya, at ni hindi sinabing, “Asawa ko.” Sabi niya, “Mahal kong kapatid,” at noong yakapin niya ako. May isa pang babaeng nakatayo doon, na yumakap sa akin, at saka niyakap ni Hope itong babae; at ang isa’t isa. At naisip ko, “Oh, tiyak na kakaibang bagay ito. Hindi ito maaaring. . . May kung ano. . .” Naisip ko, “Oh, nanaisin ko pa bang muling bumalik sa matandang katawang iyon?”

Nagpalinga-linga ako pagkatapos. Naisip ko, “Ano kaya ito?” At tumingin ako, nang mabuti. At ako—sabi ko, “Ako—hindi ko ito maunawaan.” Pero si Hope ay para bang, oh, isang panauhing pandangal. Hindi naman siya naiiba, pero para lang isang panauhing pandangal.

At nakarinig ako pagkatapos ng isang Tinig na nangusap sa akin, na naroon sa kuwarto, sabi, “Ito ang ipinangangaral mo na Banal na Espiritu. Ito ang sakdal na Pag-ibig. At walang makapapasok Dito nang hindi Ito taglay.”

Mas higit pa akong nakatitiyak, kaysa kailanman sa buhay ko, na nangangailangan ng sakdal na Pag-ibig, upang makapasok Doon. Wala nang paninibugho. Wala nang pagkapagod. Wala nang kamatayan. Ang sakit ay hindi na kailanman, mapupunta Roon. Ang mortalidad; ay—ay hindi ka na kailanman patatandain pa. At ang. . .Hindi na sila makatatangis. Isang kagalakan na lamang iyon.

“Oh, mahal kong kapatid!” At dinala nila ako sa itaas, at pinaupo ako sa isang napakalaking mataas na dako.

Naisip ko, “Hindi ako nananaginip. Nakatingin mismo ako sa aking—aking katawang nakahiga dito sa kama.”

At pinaupo nila ako doon sa itaas. At sabi ko, “Oh, hindi ako nararapat umupo dito.”

At naritong papalapit ang mga kababaihan at mga kalalakihan, mula sa magkabilang panig, na nasa kasibulan ng kanilang kabataan, nagsisipaghiyawan. At nakatayo roon ang isang babae, at humiyaw siya, “Oh, mahal kong kapatid! Oh, masaya talaga kaming makita ka Rito.”

Sabi ko, “Hindi ko ito maunawaan.”

At pagkatapos yaong Tinig na nangungusap, mula sa itaas ko, ay nagsabi, “Alam mo, nasusulat sa Biblia, na, ‘Ang mga propeta ay tinipong kasama ang kanilang mga tao.’”

At sabi ko, “Oo. Natatandaan ko iyan sa Mga Kasulatan.”

Sabi, “Buweno, ito ay kung kailan mo makakasama ang iyong mga tao.”

Sabi ko, “Kung gayo’y magiging totoo sila, at mararamdaman ko sila.”

“Oh, oo.”

Sabi ko, “Pero, milyon-milyon iyan. Hindi naman ganoon karami ang mga Branham.”

At sinabi ng Tinig na iyon, “Hindi sila mga Branham. Sila ang mga napagbalik-loob mo. Sila ang mga naakay mo sa Panginoon.” At sabi, “Ang ilan sa mga babaeng nariyan, na iniisip mong pagkaganda-ganda, ay mahigit pa sa siyamnapung taong gulang nang maakay mo sila sa Panginoon. Hindi kataka-takang nagsisipaghiyawan sila, ‘Mahal naming kapatid!’”

At nagsihyaw sila, nang sabay-sabay, sabi, “Kung hindi ka humayo, wala marahil kami Dito.”

Nagpalinga-linga ako. Naisip ko, “Buweno, hindi ko ito maintindihan.”

Sabi ko, “Oh, saan kaya naroon si Jesus? Nais ko na Siyang makita, talaga.”

Sabi nila, “Ngayon, nasa mas mataas lang Siya, nasa itaas pa sa gawing *iyon*.” Sabi, “Pupuntahan ka Niya balang-araw. Kita mo?” Sabi, “Isinugo ka, bilang isang tagapanguna. At darating ang Diyos. At kapag dumating na Siya, hahatulan ka Niya ayon sa itinuro mo sa kanila, muna, pumasok man sila o hindi. Makapapasok kami ayon sa itinuro mo.”

Sabi ko, “Oh, nagagalak talaga ako. At, si Pablo, kakailanganin din ba niyang tumayong gaya nito? Kakailanganin din ba ni Pedrong tumayong gaya nito?”

“Oo.”

Sabi ko, “Kung gayo’y ipinangaral ko ang bawat Salita na ipinangaral nila. Hindi ako kailanman lumihis mula Rito, alinman sa magkabilang panig. Nang magbautismo sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, nagbautismo rin ako. Nang ituro nila ang bautismo ng Banal na Espiritu, itinuro ko rin. Anuman ang itinuro nila, itinuro ko rin.”

At nagsihiyawan ’yung mga tao, at nagsipagsabi, “Alam namin iyan. At alam naming paroroon kaming kasama mo, balang-araw, pabalik sa lupa.” Sabi, “Darating si Jesus, at hahatulan ka ayon sa Salitang ipinangaral mo sa amin. At pagkatapos kung tatanggapin ka sa oras na iyon, na ikaw nga’y tatanggapin,” at sabi, “saka mo kami ihaharap sa Kanya, bilang mga tropeo mo sa iyong ministeryo.” Sabi, “Aakayin mo kami patungo sa Kanya, at, sama-samang lahat, babalik tayo sa lupa, para mabuhay magpakailanman.”

Sabi ko, “Kailangan ko na bang magbalik na muli ngayon?”

“Oo. Pero magpatuloy ka lang.”

Tumingin ako. At nakikita ko ang mga tao, sadyang hanggang sa layo ng matatanaw ko, na paparating pa rin, na nais akong yakapin, nagsisipaghiyawan, “Mahal naming kapatid!”

Pagkatapos noo'y sinabi ng isang Tinig, "Lahat ng minahal mo, at lahat ng nagmahal sa iyo, ay ipinagkaloob na ng Diyos sa iyo Dito." At tumingin ako. At hetong papalapit ang dati kong aso, naglalakad papalapit. Hetong papalapit ang aking kabayo, at ikiniling ang kanyang ulo sa balikat ko, at humalinghing. Sabi, "Lahat ng minahal mo, at lahat ng nagmahal sa iyo, ipinagkaloob na sila ng Diyos sa iyong kamay, sa pamamagitan ng iyong ministryo."

At naramdaman kong naalis ako sa magandang Dakong iyon.

At nagpalinga-linga ako. Sabi ko, "Gising ka na ba, honey?" Tulog pa rin siya.

At sa loob-loob ko, "O Diyos! Oh, tulungan Mo po ako, O Diyos. Huwag kailanmang ipahintulot na maikompromiso ko isa mang Salita. Hayaan akong manatili mismong tuwid sa Salitang iyon, at maipangaral Ito. Wala akong pakialam kung ano man ang dumarating o umaalis, ano man ang ginagawa ng iba; gaano man karaming mga Saul na mga anak ni Kish, ang magsilitawan, gaano man karami ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba*. Pahintulutan Mo po ako, Panginoon, na magpatuloy tungo sa Dakong iyon." Lahat ng takot sa kamatayan. . .

Sasabihin ko ito, na taglay ang aking Biblia sa harap ko, ngayong umaga. Mayroon akong isang anak na batang lalaki diyan, apat na taong gulang, na palalakihin. Mayroon akong isang siyam na taong gulang na anak na babae; at isang dalagita, na ipinagpapasalamat ko, na bumaling sa landas ng Panginoon. Diyos, pahintulutan akong mabuhay, upang mapalaki sila sa pangaral ng Diyos.

Lalo na, ang buong mundo'y tila ba humihiyaw sa akin, siyamnapung taong gulang na mga kababaihan at kalalakihan, at lahat na ng uri. "Kung hindi ka humayo, wala marahil kami Dito."

At, Diyos, pahintulutan Mo po akong ipagpatuloy ang laban. Ngunit kung hahantong man ito sa kamatayan, ako'y hindi na. . . Ito'y magiging isang kagalakan, ito'y magiging isang kaligayahan, na makapasok, palayo sa kasiraan na ito at kahihyan.

Kung magagawa ko, sa dakong iyon, na isandaang bilyong milya ang taas, isang bloke kuwadrado, at iyon ang sakdal na Pag-ibig; bawat hakbang sa landas na ito, ay kumikitid, hanggang sa humantong na tayo sa kung saan na tayo naroroon ngayon. Ito'y magiging isa na lamang anino ng kasiraan, yaong munting bagay na ating madadama at mararamdaman na may kung anong bagay sa kung saan. Hindi natin alam kung ano Ito.

Oh, mga itinatangi kong kaibigan, mga minamahal, mga sinisinta ko sa Ebanghelyo, mga anak na ipinanganak ko sa Diyos, makinig kayo sa akin, na pastor ninyo. Kayo, sana'y may iba pang paraan na maipaliliwanag ko iyon sa inyo. Walang mga salita; hindi ko iyon mahagilap; hindi iyon masusumpungan saan man. Subalit sa kabila lamang nitong huling hininga, ay ang pinakamaluwalhating bagay na kailanma'y inyong. . . Walang paraan upang maipaliwanag iyon. Walang paraan. Sadyang hindi ko iyon magagawa. Ngunit anuman ang gawin mo, kaibigan, isa-isantabi mo munang lahat ang iba pang bagay hanggang sa magtamo ka ng sakdal na Pag-ibig. Lumagay ka sa isang dako na magagawa mong ibigin ang lahat, bawat kaaway, lahat ng iba pa.

Ang isang pagdalaw na iyon Doon, para sa akin, ay ginawa akong ibang tao. Ako kailanma'y hinding, hinding, hindi na talaga magiging ang dating Kapatid na Branham na ako noon. Gumegewang man ang mga eroplano, nagkikidlatan man; may nakatutok mang baril sa akin ang espiya. Maging ano pa man iyon, hindi na mahalaga. Ipagpapatuloy ko ang laban, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Sapagkat, ipinangaral ko ang Ebanghelyo sa lahat ng mga nilalang at sa lahat ng tao na makakaya ko, hinihikayat sila doon sa magandang Lupaing iyon.

Mahirap nga marahil ito. Maaaring mangailangan ng napakaraming lakas. Hindi ko alam kung gaano pa katagal. Hindi natin alam, kung pag-uusapan ang pisikal. Ang. . . Sa

pagsusuri ko noong isang araw, sabi niya, “Nagkaroon ka na ng dalawampu’t limang taon ng mahirap, na mabuting buhay. Matatag ka na.” Nakatulong iyon sa akin. Pero, oh, hindi sa ganoon. Hindi ’yon iyon. Iyon ay isang bagay na nasa loob *dito*. Kinakailangang magbihis ng walang pagkasira itong may pagkasira. Kinakailangang magbihis ng walang kamatayan itong may kamatayan.

Maaaring magsilitawan ang mga anak ni Kish. Ako. . . Ang lahat ng mabubuting bagay na ginagawa nila, wala akong masasabing anumang masama laban dito, pagbibigay sa mga mahihirap at sa kawanggawa. At alalahanin, aba, sinabi ni Samuel kay Saul, “Magpropesya ka rin.” At marami sa mga taong iyon ay mga dakila, na magigiting na mga mangangaral, magagawang ipangaral ang Salita na parang mga arkanghel. Gayon ma’y hindi pa rin iyon kalooban ng Diyos. Ang Diyos ang dapat sana’y maging hari sa kanila. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hayaan ninyong ang Espiritu Santo ang manguna sa inyo.

Yumukod tayo sandali.

I’m so homesick and blue, I want to see Jesus,
I would like to hear those sweet harbor bells
chime;
It would brighten my path and would vanish all
fear;
Lord, let us look a past the curtain of time.
Lord, let me look a past the curtain of sorrows
and fear,
Let me view that sunny bright clime;
It would strengthen our faith and would vanish
all fear;
Lord, let them look a past the curtain of time.

Nakatitiyak ako, Panginoon, kung ang munting iglesyang ito, ngayong umaga, ay makatitingin lang sana nang lampas sa tabing! Wala ni isa mang karamdaman sa

kanilang kalagitnaan; hindi na kailanman magkakaroon pa. Wala ni isa mang sakit; walang anuman kundi kasakdalan lamang. At isang hininga lamang ang pagitan Nito dito at Doon, mula sa katandaan tungo sa kabataan, mula sa panahon tungo sa Walang Hanggan; mula sa pagkabalisa para sa bukas, at sa kalumbayan ng kahapon, hanggang sa kasalukuyang panahon ng Walang Hanggan na nasa kasakdalan.

Dalangin ko, Diyos, na Iyo pong pagpapalain ang bawat taong naririto, kung mayroon man sa mga naririto, Panginoon, na hindi pa nakakikilala sa Iyo sa ganoong paraan ng Pag-ibig. At tunay po, Ama, wala ngang makapapasok sa banal na Dakong iyon nang walang ganoong uri ng Pag-ibig, ang bagong Kapanganakan, ang pagiging ipinanganak na muli. Ang Espiritu Santo, Diyos, ay ang Pag-ibig, at batid namin na Iyon ay totoo. Mapakilos man namin ang mga bundok sa pamamagitan ng aming pananampalataya, nakagawa man kami ng mga dakilang bagay, gayunman, kung wala Iyon doon, kailanma'y hindi namin maaakyat ang dakilang hagdang iyon doon. Subalit kung taglay Iyon, iaangat kami Nito nang lampas sa makasanlibutang mga alalahaning ito. Dalangin ko po, Ama, na Iyong pagpapalain ang mga tao dito.

At nawa, na, ang bawat taong nakarinig sa akin, sa umagang ito, na nagsasabi ng Katotohanang ito, na Ikaw nawa ang maging saksi ko, Panginoon, gaya ni Samuel nang unang panahon; “Nagsabi na ba ako sa kanila ng anumang bagay sa Pangalan Mo kundi yaon lamang totoo?” Sila na ang humatol. At sinasabi ko sa kanila ngayon, Panginoon, na dinala Mo ako sa Lupaing iyon. At nababatid Mo po na totoo ito.

At ngayon, Ama, kung mayroon mang ilan na hindi pa nakakikilala sa Iyo, nawa'y maging ito na ang oras na

kanilang sasabihin, “Panginoon, ilagay sa loob ko ang kalooban na siyang kalooban Mo.” Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

At ngayon, kayo, habang nakayukod ang inyong mga ulo, maaari n’yo bang itaas ang inyong mga kamay, at sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham; na nawa maghari ang kalooban ng Diyos sa loob ko.”

Ngayon habang naririyang kayo sa kinaroroonan ninyo, sadyang magiliw lamang, bakit hindi ninyo sabihin lamang sa Ama, “Diyos, sa kaibuturan ng puso ko, ngayon, tinatalikdan ko na ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Tinatalikdan ko na ang lahat, upang ibigin Ka at paglingkuran Ka, nang buong buhay ko. At ako, mula sa araw na ito, mula ngayon, ay susunod sa Iyo, sa bawat Kasulatan ng Iyong Biblia”? Kung hindi ka pa nababautismuhan sa pagbabautismong Cristiano, “Magpapabautismo po ako, Panginoon.”

“Kung hindi pa ako nakatanggap ng Banal na Espiritu . . .” Malalaman mo kung natanggap mo na Ito. Bibigyan ka Nito, ibibigay Nito sa iyo ang katiyakan at Pag-ibig na kailangan mo. Oh, nakagawa ka man ng kakaiba, nagkaroon ng mga sensasyon, gaya ng marahil ay nakahiyaw ka na o kaya ay nakapagsalita na sa mga wika, na mabuti naman. Subalit kung wala roon ang Pag-ibig na Banal, paniwalaan mo ako ngayon, sabihin, “Panginoon, ilagay Mo po sa puso ko, at sa aking kaluluwa, ang pagkakamit ng Iyong Espiritu, nang magawa kong umibig, at gumalang, at magkaroon niyaong Pag-ibig na Banal sa puso ko, ngayon, na magdadala sa akin sa Lupaing iyon kapag nilisan na ako ng aking huling hininga,” habang nananalangin tayo. Manalangin kayo, kayo mismo, ngayon. Sa inyong sariling paraan, manalangin kayo, hilingin sa Diyos na gawin iyon para sa inyo.

Mahal ko kayo. Mahal ko kayo. Kayong mga minamahal na kalalakihang puti na ang buhok na nakaupo riyang, na nagpakahirap magtrabaho at nagpakain ng mga mumunting

anak! Kayong kaawa-awang, magigiliw na mga inang nagpupunas ng mga luha sa kanilang mga mata! Hayaang tiyakin ko sa inyo ito, kapatid na babae, minamahal, hindi ganyan sa ibayo ng kabilang hiningang dako roon. Naniniwala akong tiyak na naririto Ito sa loob ng silid. Ito’y isa lamang dimensiyong kinabubuhayan natin. Ito’y isa lamang kabulukan na pinananahanan pa natin sa ngayon.

“Kundi loobin sa akin, Panginoon, na maging ang kalooban Mo.” Manalangin kayo, habang sama-sama tayong nananalangin.

Nagpipitagan, Panginoon, dahil sa Iyong Salita at sa Iyong Espiritu Santo, kami po ay lubos na nagagalak na malaman kung saan galing ang aming Kapanganakan. Nagagalak kami na kami’y “ipinanganak hindi sa kalooban ng tao, ni sa kalooban ng laman, kundi sa kalooban ng Diyos.”

At dalangin namin, ngayon, Ama, na nawa itong mga nagsisihingi ngayon ng mapagpatawad na biyaya, na ang Iyong Espiritu ay gagawin ang gawang iyon, Panginoon. Wala akong anumang kaparaanan upang magawa iyon; isa lamang akong tao, isa pang anak ni Kish. Ngunit kailangan Ka po namin, ang Espiritu Santo.

Diyos, hayaang maging tulad ako ni Samuel, yaong isa na sinasabi ang Katotohanan ng Salita. At pinatunayan Mo na po Ito, magpahanggang ngayon, at naniniwala ako na mananatili Ka, hangga’t nananatili akong tapat sa Iyo.

Magsitanggap nawa silang lahat ngayon ng Buhay na Walang Hanggan, Ama. Nawa’y hindi na maalis pa sa kanila ang araw na ito. Sa oras kung kailan sila pumarito upang lisanin ang sanlibutang ito, nawa ito, kung ano man ang kasasabi ko pa lamang sa kanila, ay mabuksan sa isang katotohanan. At habang nangakaupo kami rito, bilang tao, sa araw na ito, na nagsisitingin sa aming mga orasan, nagsisipag-isip ng aming hapunan, ng trabaho

kinabukasan, ng mga alalahanin at mga kapaguran ng buhay, hindi na magiging ganoon ang mga iyon sa Panahong Iyon. Lilipas nang lahat ang mga iyon. Wala nang magiging mga alalahanin pa; at isang dakilang kagalakan ng Walang Hanggan. Bigyan sila ng gayong uri ng Buhay, Ama, bawat isa. At nawa . . .

Hinihiling ko po ito sa Iyo, Ama, na ang bawat taong naririto sa umagang ito, na narinig akong isinalaysay ang pangitaing ito, makita ko nawa ang bawat isa sa kanila sa kabilang ibayo; bagama't may mga kalalakihan marahil dito na hindi sasang-ayon sa akin, at mga kababaihan, din. Ngunit, Ama, huwag hayaan kailanman na humarang iyon sa aming daan. Makita nawa namin sila sa gawing Iyon, at magsisitakbo, rin, sila at yayakapin namin ang isa't isa, magsisihiyawan, "Mahal naming kapatid." Maging ganoon nawa iyon tulad niyaong ipinakita Doon, Panginoon, sa bawat isa, lahat ng minamahal ko, at lahat ng nagmamahal sa akin. Dalangin kong magiging ganoon iyon, Panginoon. At mahal ko silang lahat. Hayaan silang magsilitaw, Ama. Iniaalok ko sa kanila ngayon ang Buhay na Walang Hanggan. Gawin nawa nila ang kanilang bahagi, ang tanggapin Ito. Sapagkat hinihiling ko ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Mayroon pa tayong ilang sandali, upang manalangin para sa mga maysakit. Nakikita kong mayroon tayong isang munting, batang babaeng may sakit dito, at isang binibini na nasa isang upuan.

Ngayon, sa mga pinakatatangi kong mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, pakiusap huwag mamali ng pagkaunawa sa akin. Ako—hindi ko alam kung ano ang naganap. Hindi ko alam kung ano ang naganap. Subalit, Diyos, kapag pumanaw ako, hayaan akong makabalik Doon. Ipahintulot lamang na makaparoon ako sa Dakong iyon, ay kung saan ko nais magtungo, saan man iyon

naroroon. Hindi ko sinusubukang maging isang Pablo na dinala sa ikatlong kalangitan. Hindi ko sinasabi iyan. Naniniwala akong sinisikap Niya lamang na palakasin ako, sinisikap na bigyan ako ng isang munting bagay na magtutulak sa akin na magpatuloy, sa bagong ministryong kong paparating.

(Sinipi mula sa *Ang Itinakwil Na Hari*, Mayo 15, 1960)

TAGALOG

©2011 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng mayari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org